

Natatanging gawain sa makrong kasanayan sa pagsulat

Porlas, Ana Aubrey ✉

Cebu Technological University-Carmen Campus, Philippines (ana.aubrey@yahoo.com)

Received: 11 April 2023
Available Online: 16 May 2023

Revised: 25 April 2023
DOI: 10.5861/ijrse.2023.30

Accepted: 12 May 2023



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Abstract

The lack of vocabulary, coherence, and cohesion of ideas, aside from the challenges of correct usage of words or grammar, cause the decline of the competency levels in writing. This served as the basis to conduct a study which aimed to assess the competency levels of writing of the Senior High School K-11 students of the CTU-Carmen in the province of Cebu, 2018-2019, as the basis of designing the specific writing activities. The study specifically assessed the macro-skill levels of the students in terms of the elements of writing using multimedia according to organization and cohesion, word choice, correctness, and content. Competency levels in terms of the use of the Outcomes-Based Education through the multimedia, and its correlation to the writing skills have also been assessed. The study utilized a descriptive design to strengthen it. Relevant questionnaires were formulated from pre-existing studies. Statistical processing involved average weighted mean and simple linear regression. Findings revealed that the respondents have very high performance on the use of the OBE using the multimedia in terms of organization and cohesion and even in content, they also have a high performance in terms of word choice and correctness. Results further revealed that the respondents strongly agree for the use of the multimedia while there was a fair correlation of the use of the OBE however, it is disregarded as relevant. Based on the findings are the conclusions that there is a significant impact on the use of the multimedia for skill enhancement in writing through the OBE. It is recommended that the output specifically designed for the writing activities serve as a guide on writing lessons using the multimedia.

Keywords: pagtuturo sa Filipino, makrong kasanayan sa pagsulat, deskriptibo, Cebu, Philippines

Natatanging gawain sa makrong kasanayan sa pagsulat

1. Panimula

Ang pagsulat ay isang prosesong pangkaisipan na nangangailangan ng maingat na pagpili at pag-ayos ng kaisipan at karanasang naaayon sa layunin ng pagpapahayag. Ito ay isang komprehensib na kakayahang naglalaman ng wastong gamit ng talasalitaan, pagbubuo ng kaisipan retorika at iba pang mga elemento. Sa pamamagitan nito, naihahayag ang mga saloobin, ideya, at mga konsepto lalo na sa mga akademikong layunin. Dahil dito, nangangailangan ang ganitong gawain ng masusing pagbubuo ng mga ideya at maingat na pagsasa-ayos ng mga salita, bagay na maraming mga mag-aaral ang nahihirapan.

Maraming bilang ng mga mag-aaral ang nagpapakita ng pagkayamot, kawalan ng motibasyon sa pagsulat at kung minsan ay hirap na hirap pa sa pagbuo ng mga ideya (Badayos, 1991). Ito marahil ay bunga ng mahinang pag-unawa at kaalaman na kadalasan ay nagdudulot ng mga kahinaan sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang ideya at opinyon sa paraang pasulat. Bilang pagtugon, ang paggamit ng mga materyal na babasahin ay makatutulong sa paghahanda ng mga mag-aaral na magganyak ang kawilihan sa pagsulat at malinang ang kompetensi nito lalo na sa paggamit ng teknolohiya. Subalit, karamihan sa mga kabataang mag-aaral ay tumatanggap ng mga bagong teksto at kagamitan nang walang katamtamang kaalaman at kakayahan sa angkop na paggamit ng mga ito (McBrion, 2003). Ang internet rin at ang pag-usbong ng teknolohiyang pangkomunikatibo ay nagpabago sa paggamit ng mga kompyuter at pagkatuto ng ibang wika (Dela Rosa, 2016). Ito ay nangangahulugan na kailangan ng mga mag-aaral matuto kung paano makitungo sa napakaraming impormasyon at kung paano makipag-ugnayan sa iba at ibang wika at kultura.

Mayroong pagkakaugnay ang tagumpay ng mga mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya. Ang paggamit nito ay maaaring magbigay ng pagtaas ng tagumpay sa akademikong paggawa. Ang paggamit ng teknolohiya tulad ng multimedia ay nakatutulong sa mga guro na pag-iba-ibahin ang kanilang mga gawaing pampagkatuto upang maisentro sa mga mag-aaral ang mga gawain at sila'y maging kasangkot sa mga gawain (Al-Hariri & Al-Hattami, 2017). Sa karagdagan, parehong guro at mga mag-aaral ang naniniwala na nakatutulong ang multimedia sa pagpapalawig ng sariling pagkatuto, pag-iiba-iba ng mga gawain, pagpapabuti ng kawilihang matuto, nakaengganyo sa mga mahiyain na matutong makipag-ugnayan sa iba, nakabubuti sa disiplina sa pag-aaral, at nasesentro ang pagtuturo sa mga mag-aaral (Tanveer, 2011).

Ang mga kahinaang naobserbahan ng mananaliksik sa mga mag-aaral sa loob ng isang semestrong pagtuturo sa Cebu Technological University–Carmen Campus ay ang kawalan ng mga natatanging kahusayan sa pagsulat. Mamamalas sa komposisyon at iba pang gawaing pasulat ng mga mag-aaral ang mababang antas ng talasalitaan, walang kaisahan sa tema at kawalan ng organisasyon ng mga kaisipan. Dagdag pa nito ang kahinaan ng mga mag-aaral sa gramatika, wastong paggamit ng mga salita sa pangungusap o talata at retorika.

Ipinapalagay ng pag-aaral na ito na ang pagkakahantad ng mga respondante sa OBE gamit ang multimedia ay makatutulong sa pagtaas ng antas sa kasanayan sa pagsulat sa mga piling salik nito. Binibigyang-diin ng 'outcomes-based education' o OBE ang target na mga layunin na inaasahang maisakatuparan ng mga mag-aaral matapos ang proseso ng pagtuturo-pagkatuto. Sa pagtitiyak na magabayan ang pag-aaral, iniangkla ito sa Communicative Competence ni Hymes, Discourse Competence nina Canale at Swain at Media Theory Approach—Act of Writing ni Chandler. Inangkla sa mga pag-aaral na ito ang pananaliksik.

1.1 Layunin ng pag-aaral

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na tasain ang antas ng pagganap sa pagsulat ng mga mag-aaral sa K-11 ng Senior High School sa Cebu Technological University- Carmen Campus, Carmen Cebu sa taong panuruan 2018-2019, bilang batayan sa pagdisenyo ng natatanging gawain sa pagsulat.

1) masuri ang antas ng pagganap sa makrong kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral ayon sa organisasyon at pagkakaisa, pagpili ng mga salitang gagamitin, kawastuhan at nilalaman 2) hinuha ng mga mag-aaral sa paggamit ng multimedia, ayon sa mga gawaing nauugnay, aktibong pakikilahok; at pagkamalikhain 3) pagsuri sa makabuluhang kaugnayan sa lebel ng pagganap sa pagsulat sa paghahantad sa OBE gamit ang multimedia ayon sa pakikilahok sa pag-uugnay; pakikilahok sa pagkamalikhain; at pag-uugnay sa pagkamalikhain

2. Metodolohiya

Ginamit ang deskriptibong pamamaraan sa pananaliksik na ito sa pagtasa sa mga sulatin ng mga mag-aaral at pagkuha ng hinuha sa paggamit ng multimedia sa gawaing pasulat. Ginamit ng pananaliksik na ito ang apatnapu't walong (48) mga mag-aaral na sumagot sa mga Talatanungan, mga kaukulang gawain sa pagsulat gamit ang multimedia tulad ng videoclip at powerpoint na paglalahad, at rubriks sa pagtasa ng kakayahan sa pagsulat ng respondante na inihahantad sa OBE gamit ang multimedia. Ginamit din ang *average weighted mean* at *simple linear regression* bilang kaukulang estadistikal na pagtugon upang matiyak ang kasagutan sa mga tanong sa pag-aaral.

3. Pagtatasa sa Pagganap sa Pagsulat

Sa pagtatasa sa pagganap sa pagsulat ay itinala ang iskor ng bawat respondante, karamihan ay nakakuha ng mean iskor na 3.05 bilang kabuuan. Ang mga ito ay Organisasyon at Pagkakaisa na may 3.22, ang Nilalaman ay may 3.08, Kawastuhan na may 2.96 at ang panghuli ay ang Pagpipili ng mga Salitang Gagamitin na may 2.94 na mean iskor. Walang nakakuha ng Di-Mahusay, na nangangahulugang Mahusay ang naging resulta sa pagtuturo gamit ang multimedia sa antas ng pagganap sa pagsulat dahil mayroon itong positibong tugon ng mga respondante.

Talahanayan 1

Pagtatasa sa Pagganap sa Pagsulat

Pagganap	Mean Iskor Ng Mga Respondante	Interpretasyon
Organisasyon at Pagkakaisa	3.22	M
Pagpipili ng mga Salitang Gagamitin	2.94	M
Kawastuhan	2.96	M
Nilalaman	3.08	M
Kabuuan	3.05	M

Mean Range	Leyenda
3.25-4.00	Napakahusay (N)
2.50-3.24	Mahusay (M)
1.75-2.49	Katamtaman (K)
1.00-1.74	Nangangailangan ng Pagsasanay (NP)

Tulad sa antas ng pagganap sa pagsulat batay sa Organisasyon at Pagkakaisa ay Mahusay din ang palatandaang nakuha ng mga respondante sa antas ng pagpipili ng mga salitang gagamitin. Kapag ang mga pangungusap, mga ideya at mga detalye ay maayos na napag-uugnay ay madaling makasusunod ang mga mambabasa dahil may kaisahang namamayani rito. Kaya, mahalaga na magkaroon ng kaalaman ang mag-aaral sa pagbuo ng pahayag na may kaisahan.

Ang kabuuan mean iskor ng mga repondante ay nasa 3.05 na nangangahulugang Mahusay. Mapapansin na ang wastong paggamit ng balarila ay naging isa sa mga dahilan kung bakit karamihan sa kanila ay nasa mahusay na kategorya.

Nabatid ng mananaliksik na ang kanilang bahagyang kamalian sa balarila sa Filipino ay maaaring nag-uugat sa kanilang mga nababasa sa social media na karaniwang ding may maraming pagkakamali sa balarila. Samantala, sa kategoryang Mahusay ang naitala para sa antas ng pagsulat ayon sa nilalaman na nakuha ng mga respondante. Madaling matanggap ng mga mag-aaral ang mga nababasa sa internet nang walang pagpupuna sa

mga kamalian nito.

Batay sa pangkalahatang resulta sa pagtasa sa pagganap ng pagsulat na nasa kategoryang Mahusay ang lahat mula sa Organisasyon at Pagkakaisa, pagpili ng mga salitang gagamitin, kawastuhan at nilalaman na nangangahulugan na nalilinig ang kanilang kasanayang sa pagsulat sa tulong ng multimedia. Malaking impak o tulong ang paggamit ng multimedia sa pagtuturo ng mga mag-aaral. Natatamo ang kanilang kakayahang matuto sa tinatalakay sa loob ng silid-aralan. Mas nalilinig ang kanilang kasanayan at kamalayan sa pagsulat nang may tamang gramatika.

Sa kabuuan, nasa kategoryang Mahusay ang antas ng pagganap sa pagsulat ng mga respondante na nangangahulugang kailangan nila ng malaliman at pagpokus sa mga gawain sa pagsulat upang mas malinang pa nila ang kanilang kasanayan sa pagsulat. Ang mga respondante ay may kaligirang kaalaman na sa pagsulat ngunit dahil sa kakulangan sa makabagong pamamaraan sa pagtuturo ng pagsusulat ay hindi pa nila gaanong namamasid ang mahusay na pagsusulat lalo na sa pagkakaroon ng organisasyon, pagkakaisa, pagpipili ng mga salitang gagamitin, kawastuhan at nilalaman.

Sa madaling salita, hindi lamang nakasalig sa guro ang pagbabahagi kundi may mahalaga ring papel na ginagampanan ang mga mag-aaral at nararapat na may maraming kagamitang panturo na gabay sa pagkatuto. Gayunpaman, isang tulong ang kagamitang multimedia upang makapaglahad ng kakaiba rin na pamamaraan sa paghikayat sa gawaing pasulat lalo na sa pagbuo ng mga ideya o kaisipan.

4. Kabuuang Hinuha ng mga Respondante sa Outcomes Based-Education Gamit ang Multimedia

Sa kabuuan, Lubos na Sumasang-ayon ang naging resulta ng sagot ng mga respondante. Ang gawaing nauugnay ay may pinakamataas na iskor na nangangahulugang mas naging madali para sa mga mag-aaral ang pag-uugnay sa anumang gawaing pasulat. Bukod pa rito ay mas lumawak ang ideya sa pagpapahayag ng mga mag-aaral na naging daan upang maiugnay sa mga ibang gawain ang natutuhan.

Ang mean iskor naman sa Aktibong pakikilahok ay 3.53 na nangangahulugan na Lubos na Sumasang-ayon ang lahat ng respondante. Nagpapaunawa rin ito na nakapag-aambag sa antas ng aktibong pakikilahok ng mga respondante sa tulong ng ang paghahantad sa Outcomes Based-Education gamit ang multimedia. Nagsisilbi nitong batayan ang mga datos sa Talahanayan 5 na ang mayorya ng mga respondante ay umaasa na maipagpatuloy ang paggamit ng multimedia sa mga gawain sa klase upang maging mas epektibo at kaaya-aya ang klase nang maging mabisa rin ito sa paghihikayat sa mga mag-aaral na maging aktibo sa pakikilahok.

Dahil sa mga naihantad sa mga respondante na video clip, Lubos na Sumasang-ayon ang mga respondante na napapalalim ang kritikal na pag-iisip sa kanilang mga gawain. Namasid ng mananaliksik na nagkaroon ang mga respondante ng masinsinang pag-uusap tungkol sa kanilang nakita na video clip at kung paano ito naiugnay sa kanilang mga personal na buhay. Hindi ito pinagawa ng mananaliksik ngunit naging awtomatik ang pagbabahaginan nila ng kanilang mga opinyon at kuro-kuro sa kanilang karanasan.

Naisagawa ang paglabas ng mga ideya sa pamamagitan ng malayang talakayan na ang pag-uusapan ay nauukol sa konseptong pinapaksa sa pagsulat gayundin ang nangyari nang mailahad na ang mga gawain. Hinayaan ang mga respondante na malayang maipahayag ang kanilang mga saloobin at opinyon sa napanood upang mapagtibay ang mga resulta sa pananaliksik mula sa mga gawaing pasulat hanggang sa mga sarbey na ipinasagot. Nakitaan dito ng mananaliksik na nagkaroon ng tiwala sa sarili ang mga respondante na mag-aaral sapagkat may direksyon ang pagkatuto. Nagkaroon din ang guro ng kawilihan, magaan at sistematikong pagtuturo. Nabawasan ang pagiging madalas na pagbibigay ng mga paalala ng guro sa pagsasalita o pagtalakay ng aralin sa loob ng silid-aralan.

Samakatuwid, naging epektibong paraan sa pagpapabuti ng mga sulatin ang pagpapakita ng mga larawan, motion pictures, tunog at tugtog na nakapukaw ng kawilihan sa damdamin ng mga nanonood. Sinusuportahan

nito sa pag-aaral nina Nusir, et al. (2013), na ang paggamit ng mga programa na multimedia ay mabisa sa pagkuha ng atensyon ng mga mag-aaral lalo na ang paggamit ng mga cartoon characters. Sa kabuuan, ang panibagong pamamaraan sa pagsulat tulad ng paggamit ng multimedia ay nagbibigay-sigla sa gawain pangklasrum at nalilining ang kanilang makrong kasanayan sa pagkatuto ayon sa kanilang interes. Nagdudulot ito nang maayos, madali, makahulugan at mabisang pagtuturo at pagkatuto.

Talahanayan 2

Kabuuang Hinuha ng mga Respondante sa Outcomes Based-Education Gamit ang Multimedia

Hinuha	Mean Iskor Ng Sarbey	Kategorya
Gawaing Nauugnay (<i>Related Activities</i>)	3.80	LS
Aktibong Pakikilahok	3.53	LS
Pagkamalikhain	3.63	LS
Kabuuang	3.65	LS

5. Kongklusyon

Natuklasan sa pagsusuri na ang antas ng pagkakahantad sa Outcomes Based-Education gamit ng multimedia ayon sa organisasyon at pagkakaisa ay Napakahusay ang nangingibabaw. Samantala, sa pagpili ng wastong salitang gagamitin ay Mahusay ang may pinakamataas. Ganoon din ang kawastuhan na Mahusay ang pinakamataas na iskor. Sa nilalaman naman ay Napakahusay ang pinakamataas. Nangangahulugan ito na nararapat ang paghahantad ng OBE gamit ang multimedia sa pagtuturo at pagkatuto. Nagkaroon ng mas malawak na pag-unawa ang mga mag-aaral habang naging epektibo rin ang pagganyak ng guro sa pamamagitan ng naihantad. Nangangahulugan din ito na nararapat ang pagpapalawig ng paggamit ng makabagong teknolohiya ang mga paaralan.

Lubos na Sumasang-ayon ang kabuuang tugon ng mga respondante sa kanilang hinuha sa paggamit ng multimedia ayon sa mga gawaing nauugnay, aktibong pakikilahok, at sa pagkamalikhain. Nagkaroon ng iisang pagpapasya na naging kaaya-aya ang mga gawaing pampagkatuto dahil sa paghahantad ng OBE gamit ang multimedia sapagkat nahikayat ang mga mag-aaral na makilahok, iugnay ang mga natututuhan, at maging malikhain. Sa bahagi ng guro ay nagkaroon din sila ng pagkakataon na gawan ng makabuluhang pagkakaugnay ang mga itinuturo, mahikayat ang aktibong pakikilahok, at mapalawig ang pagkamalikhain. Kailangan ng mga paaralan ang agaran at makabuluhang pagtuturo sa mga guro sa mga teknolohiya na maaari nilang magamit sa pagtuturo upang makasabay sila sa mga pagbabago ng panahon lalo na sa mga pangangailangang-pampagkatuto ng mga mag-aaral.

Base sa mga natuklasan, inirekomenda ang mga sumusunod:

- Gawan ng mga banghay-aralin ng mga natatanging gawain sa pagsulat ang pagpapataas ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat base sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito.
- Gawin ang Outcomes-Based Education (OBE) gamit ang multimedia sa pagtuturo lalo na sa Filipino.
- Mariing gabayan sa pagsulat ang mga mag-aaral sapagkat marami silang mga katanungan na nangangailangan ng agarang pagresponde habang sila ay sumusulat.
- Ang pagtuturo ng simpleng paggamit ng sintaks at semantika kasabay ng pagtuturo ng tamang balarila at wastong pagpipili ng mga salita ay kailangan na isaalang-alang bago magturo ng mga paraan ng pagsulat. Kailangan rin ang pagpapalawak ng talasalitaan na dapat sinusundan ng wasto at malikhaing paggamit ng retorika gaya ng mga tayutay, salawikain, sawikain at kasabihan bilang mahahalagang bahagi sa pagsusulat.
- Kailangan ng mga guro na ugaliing paalalahanan ang mga mag-aaral na gumawa muna ng burador upang mas maging maigi at mabilis ang pagsusulat.

- Nararapat na piliing mabuti ang multimedia na gagamitin at gamitin ang multimedia na lubos na maiuugnay sa paksang pinag-aaralan at iwasan ang mga multimedia na walang katuturan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.
- Huwag limitahan sa audio-visual ang multimedia dahil kailangan din ang interactive media o assisting media sa mga may kapansanan. Ang assistive media ay katulad ng mga taong gumagawa ng hand sign language upang maintindihan din ng mga may kapansanan sa pananalita.
- Gamitin din ang social media sa mga aralin gaya ng paggawa ng social media groups o pages kung saan maaaring magkaroon ng interaksyon at/o mapagkukunan ng mga nauugnay na mga kaalaman ang mga mag-aaral. Maari din nilang maging interactive stage ang social media.
- Huwag limitahan sa PowerPoint™ ang mga presentasyon at mga gawain sapagkat marami ring iba pang mga nagagamit na multimedia ang maaaring gamitin. Nararapat ding iwasan ang pagiging masyadong tradisyunal.
- Nangangailangan din ng paulit-ulit na proseso ng muling pagsusulat hanggang sa maging mainam ang sulatin na siya ring maaaring iniwasan ng ibang mga guro sa pagsulat.

6. Sanggunian

- Al-Hariri, M. T., & Al-Hattami, A. A. (2017). Impact of students' use of technology on their learning achievements in physiology courses at the University of Dammam. *Journal of Taibah University Medical Sciences*, 12(1), 82-85. <https://doi.org/10.1016/j.jtumed.2016.09.002>
- Badayos, P. (1999). *Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika: Teorya, Simulain at Istratehiya*. Makati City: Grandwater Publications and Research Corp.
- Dela Rosa, J. P. O. (2016). Experiences, perceptions and attitudes on ICT integration: A case study among novice and experienced language teachers in the Philippines. *International Journal of Education and Development using Information and Communication Technology (IJEDICT)*, 12(1), 37-57. <https://doi.org/10.20885/ijedict.2016.12.1.931>
- McBrion, R. (2003). *Integrating Educational Technology into Teaching* (2nd ed.). New Jersey: Merrill/Prentice Hall.
- Nusir, S., Al-Kabi, M. N., Al-Mukhaini, M., & Hani, R. (2013). Studying the impact of using multimedia interactive. *E-Learning and Digital Media*, 7(4), 305-319. <https://doi.org/10.2304/elea.2013.10.4.305>
- Tanveer, M. (2011). Integrating E-learning in Classroom-based Language Teaching: Perceptions, Challenges and Strategies. *ICT for Language Learning* 4, 141-252.